MALAYA AT KUSANG LOOB NA SALAYSAY NI **PEMS RICHARD P RODRIGUEZ** NA IBINIGAY SA PAGSISIYASAT NI **PCpl JAYPEE V DORAL** DITO SA TANGGAPAN NG 2ND SOU-MG BROOKE'S POINT MOBILE STATION, BROOKE'S POINT, PALAWAN, NGAYONG IKA- 23 NG MARCH 2022, GANAP NA IKA-8 NG UMAGA SA HARAP NI **PAT DARWIN V MAMUAD JR SA** PAMAMAGITAN NG MGA TANONG AT SAGOT.

(Ang nagsalaysay ay pinahiwatigan o pinaalalahanan ng lahat ng kanyang mga karapatan alinsunod sa itinadhana ng saligang batas).

**MGA TANONG AT SAGOT**

01. **TANONG** Ikaw ba ay nakahandang magbigay ng isang malaya at kusang loob na salaysay at sagutin ang mga itatanong sa iyo ng pawang katotohanan lamang?

**SAGOT** Opo.

02. **TANONG** Maaari bang sabihin ang iyong tunay na pangalan, edad, tirahan at iba pang bagay na mapagkakakilanlan sa iyong buong pagkatao?

**SAGOT** Ako si **PEMS RICHARD P RODRIGUEZ** nasa hustong gulang, may asawa, na kasalukuyang naninirahan sa Brgy. Ipilan, Brooke's Point, Palawan, kasalukuyang PNCOIC ng 2nd Special Operations unit – Maritime Group, Balabac SBU..

04. **TANONG** Ano ang iyong dahilan sa pagbibigay ng isang malayang salaysay?

**SAGOT** Ito ay patungkol sa isinagawang operasyon ng aking mga kasamahan laban sa mga illegal na pagamit ng chainsaw na walang kaukulangpermiso mula sa PCSD (without Special Use Permit) at pag putol ng mga punong kahoy na walang rin permiso mula sa DENR.

05. **TANONG** Kailan at saan ito nangyari?

**SAGOT** Noong ika 29 ganap na 12:00 ng umaga buwan ng October, taong 2021 sa sakop ng Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan.

06. **TANONG** Maari mo bang isalaysay kung ano ang nagyari sa ginawa nilang operasyon?

**SAGOT** Na noong araw at oras na iyon mayroong nahuling chainsaw ang aking mga kasamahan sa may Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan, na ayon sa kanila ay hindi nila nahuli ang may ari at operator sapagkat tumakbo papalayo ang operator pagkakita sa kanila at naiwan ang isang chainsaw. Nagsagawa sila ng pagtatanong sa pagkakakilanlan sa lugar ng operator at may ari ngunit walang makapag sabi at makapag turo kung sino ang may ari at operator at kung saan lugar nakatira.

07. **TANONG** Ano pa ang sumunod na nangyari?

**SAGOT** Humigit Kumulang ika-22 ng Marso Taong 2022, Ay personal na nag punta dito sa aming himpilan na matatagpuan sa Sitio Buligay, Broooke's Point, Palawan, si ginoong **VALONES PASCUAL y BACQUIAO** (owner), residente ng Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan, at nagpa kilala na siya ang may ari ng nasabing chainsaw na nahuli ng aking mga kasamahan noong October 29, 2021, na noon ay may ipinakita siyang isang photocopy ng Certifcate of Registration ng nasabing chainsaw. Na noon ay aking hinanap/itanong sa kanya kung mayroon siyang Special Use Permit (SUP), na ang sabi nya ay "**wala po**" aking ipinakita sa kanya at binasa ang Terms and Conditions ng COR No. BP- COR-2021-54 New (A07) at nakasaad don sa pahina 3. *In connection with condition No. 2, the use and/or transport of the unit outside the place of registration and/or stated purpose may be allowed; Provided, that the owner or user prior to such use and/or transport shall secure a Special Use Permit from the PCSD.* at akin ding tinanong sa kanaya kong ang pinaggamitan at pinag putulan ng kahoy ay naayon din sa Terms and Condition ng COR sa pahina 2, *It shall be used only within the OCT No. P-4157 and TCT No. 065-2012000426 at Brgy. Aribungos, Brookes Point, Palawan where the said unit is registered, and only for the purpose stated on the face hereof.* at ang sagot niya ay **"medyo malayo sir".**

*May Karugtong............*